DepEd Advisory No. 259, s. 2015
August 25 , 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

IKA-25 TAUNANG PAMBANSANG KUMBENSYON AT IKATLONG PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO (EsP) NG SAMAHAN PARA SA EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA (PSEP)

Ang Pambansang Samahan para sa Edukasyon sa Pagpapahalaga (PSEP) Inc. ay magdaraos ng *Ika-25 Taunang Pambansang Kumbensyon at Ikatlong Pambansang Seminar-Worksyap sa Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP)* na may temang *EsP: Katuwang sa Maunlad at Mapayapang ASEAN* mula Nobyembre 29 hanggang Disyembre 1, 2015. Ito ay gaganapin sa Crown Legacy Hotel, corner Montinola Street, Kisad Road, Baguio City.

Ang layunin ng gawaing ito ay ang mga sumusunod:

1. mapalalim ang pang-unawa sa mga tungkulin at gampanin ng asignaturang EsP sa pagsusulong ng maunlad, mapayapa at makataong ASEAN;
2. maibahagi sa mga kalahok ang mga paraan ng makabuluhang pagtuturo ng EsP sa diwa ng Integrasyong ASEAN; at
3. maipakita ang diwa ng integrasyong ASEAN sa pamamagitan ng mga kalahok sa mga taunang patimpalak.

Ang pagdiriwang ng *Ika-25 Taong pagkakatatag ng PSEP* at ang *Taunang Kumbensyon ng Kabataang-PSEP (K-PSEP) at Magulang-PSEP (M-PSEP), at ang mga Pambansang Paligsahan sa Tagis Talino, Sayawit at Pagguhit* ay isasagawa din. Ang mga parangal para sa mga magwawagi sa *Taunang Timpalak para sa Pinakamahusay na Pampaaralang Programa para sa Edukasyon sa Pagpapakatao at Pinakamahusay na Guro ng EsP* ay igagawad din.

Ang mga inaasahang dadalo sa gawaing ito ay ang mga pamunuan ng PSEP, M-PSEP at K-PSEP sa pambansa, panrehiyon at sangay na antas, mga punungguro. *education program supervisors, department heads*, mga guro at mag-aaral ng EsP, *guidance counselors, guidance teachers*, mga magulang at iba pang tagapagtaguyod ng EsP/Edukasyon sa Pagpapahalaga.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at kawani sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

- Tanggapan ng Pangulo
  Pambansang Samahan para sa Edukasyon sa Pagpapahalaga (PSEP)
  Our Lady of Perpetual Help School
  No. 28 A. Mejico St., Santolan, Pasig City
  Telepono: (02) 781-8031
  Mobile Phone No.: 0915-970-0342

- PSEP Secretariat
  Mobile Phone: 0926-703-9662; 0916-305-5217; 0916-343-9944; 0939-867-2510
  Email: psepofficial1989@gmail.com
  Facebook Page: Pambansang Samahan para sa Edukasyon sa Pagpapahalaga